



ANG HIBLA NG BANIG

ni: KAREN P. HARO

Sa payak na hibla ng banig nagsisimula ang kuwento,

Sa mga kamay na may lamat ng panahon,

Ngunit bihasa sa sining ng pagtatagni.

Bawat sinulid ay may pangarap at may tinig na pinipigilang humikbi.

Hindi magkakatulad ang kulay ng bawat hibla;

May matingkad, may kupas sa hagupit ng panahon.

Ngunit sa maingat na kamay ng manghahabi,

Bawat hibla'y may puwang, bawat kulay ay may dahilan.

May hiblang yumayakap sa pawis ng lupa.

May hiblang humahalik sa alon ng dagat.

May hiblang tahimik na nagtuturo sa silid-aralan,

At may hiblang nag-aaruga ng mga pangarap sa tahanan.

Hindi yaman ang humahabi sa ating bukas,

Hindi kapangyarihan ang nagbubuklod sa bayan.

Kundi ang bawat hiblang may nararapat na puwang,

At bawat wika't tinig na pinakikinggan nang may paggalang.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VIII, Issue I

August 2026

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



Sapagkat ang banig ay hindi sinusukat sa kinang ng habi,

Kundi sa tibay ng mga hiblang hindi napipigtas.

Kapag bawat hibla'y binigyan ng nararapat na puwang,

Bawat wika'y magiging pag-asa, at walang bayang mapupunit.



Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
